

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-16 ng Abril 2020

UPDATE MULA SA KEMH

Isang panibagong batch ng swabs para sa pagsusuri ng COVID-19 ay naipadala na sa UK sa pamamagitan ng South Atlantic Airbridge.

Ang animnapu't apat (64) na swabs ay ipo-proseso sa isang espesyalistang laboratory. Sa kabuuan, tatlong-daan at labing-siyam (319) na samples na ang naipadala sa UK sa ngayon.

Ang bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa Falkland Islands ay nananatili sa labing-isa (11).

Ang isa sa mga indibidwal ay patuloy pa ring tumatanggap ng pangangalaga sa KEMH habang ang pangalawa naman ay nakalabas na ng ospital noong isang linggo.

Mayroon ng COVID-19 pod ang KEMH kung saan maaaring pumunta ang mga pasyente para matingnan ng doctor.

Ang sinumang pupunta sa pod ay dapat mag-park sa tabi ng 11 Thatcher Drive, na katapat ng Secretariat at opisina ng Attorney General, at maglakad papunta sa KEMH COVID-19 Pod at maghintay sa isang miyembro ng staff.

May inilagay na nakapinturang direksyon at mga palatandaan para inyong gabay. Ito lamang ang daan papunta sa pod, habang ang daanan sa east end mula sa St. Mary's Walk ay hindi bukas sa lahat ng publiko.

Ang daanan na kalsada patungo sa entrada ng KEMH East Ward ay dapat panatiliing libre sa lahat ng sasakyang naka-parada maliban na lamang sa mga bibisita sa COVID-19 Pod.

Dagdag pa dito, ang entrada na ito ay gagamitin para sa mga delivery at imbakan ng karagdagang mga suplay ng oxygen.

Tandaan: Kung hindi maganda ang iyong pakiramdam at nakararanas ng sintomas tulad ng sa trankaso at ikaw ay nag-aalala na maaaring ikaw ay may COVID-19, tawagan ang ospital sa numerong 28000. Magbibigay ng abiso ang staff. HUWAG direktang pumunta sa KEMH.

MAS MALAWAK NA HAKBANG SA EKONOMIYA

Isasaalang-alang ng mga miyembro ang pakete ng mga panukala bukas, na magtatalakay sa mga isyu na kinakaharap ng mga negosyo at kabahayan.

Ang Chief Executive at ang Direktor ng Policy at Economic Development ay gagawa ng anunsyo bukas, Biyernes ika-17 ng Abril.

MGA REQUIREMENTS PARA SA QUARANTINE

Sa nakatakdang pagdating ng Southbound Airbridge bukas, ibinibigay-diin naming sa LAHAT ng paparating na manlalakbay na mahalagang nauunawaan at sundin mo at ang iyong mga kamag-anak o kapamilya, ang mga gabay sa pag self-isolation na espesipikong naaangkop para sa iyo.

Sa ilalim ng mga gabay na inilabas ng Gobyerno noong ika-7 ng Abril, ang mga bagong dating ay nasa kategoryang kung tawagin ay *Quarantine*.

Kailangan mong mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw kung sakaling meron kang COVID-19 at hindi mo alam. Ang ibang mga tao na may COVID-19 ay hindi nagkakasakit ngunit ayaw nating hindi magbakasakali na maari mong hawaan ang ibang tao sa paligid mo.

Sa gayon, ikaw ay nag se-self isolate **para protektahan ang ibang tao**.

Sa praktikal na panuntunan, ang ibig sabihin nito ay hindi ka dapat umalis ng iyong bahay sa **kahit na anong** kadahilanan. Kailangan mong huminigi ng tulong sa ibang tao para gawin ang iyong pamimili at iba pa at iwan ang mga pinamili sa iyong porch.

Kung ikaw ay nakatira kasama ng ibang tao, kailangan mong mamuhay ng hiwalay sa ibang tao sa parehong bahay. Ibig sabihin nito ay

- Ang pagkakaroon ng isang hiwalay na silid-tulugan at banyo
- Palagiang nakahiwalay ng dalawang (2) metro ang layo mula sa ibang tao kung kayo ay nasa isang silid
- Linisin ang lahat ng mga ibabaw pagkatapos mong hawakan ang mga ito

Kung hindi mo ito magawa, kailangan mong i-quarantine ang sarili mo sa ibang lugar o ang buong nasa kabahayan ay dapat na magsama-samang mag-quarantine. Kung kailangan mo pa ng ibang tulong tungkol dito, maaaring tumawag sa KEMH sa numerong 28000.

MGA SERBISYO NG LATAM

Bilang pagdaragdag sa mga naunang inanunsyo tungkol sa serbisyo ng LATAM papuntang Sao Paolo, napagkasunduan ng Gobyerno ng Falkland Islands at LATAM na ipagpatuloy ang suspensyon ng schedule na Miyerkules, hanggang sa ika-14 ng Mayo 2020.

Isa pang pagsisiyasat ang magaganap sa katapusan ng buwan na ito upang suriin ang katayuan ng pandaigdigan at local na pandemic status, ang epekto nito sa mahabang pagbibyaheng pang-international, at ang partikular na pangangailangan at mga koneksyon nito sa United Kingdom at Europa.

Wala pa ring karagdagang mga update sa schedule na Sabado na Mount Pleasant-Punta Arenas-Santiago. Ang serbisyonang ito ay suspendido hanggang ika-2 ng Mayo.

Ang mga karagdagang updates ay ilalabas agad sa susunod na makukuhang impormasyon.